



**Asian/Pacific Islander
Domestic Violence Resource Project (DVRP)
Community Awareness Toolkit**

VIRGINIA WASHINGTON DC MARYLAND



**FREE FROM
VIOLENCE**

DVRP 

(202) 833-2233
www.DVRP.org
info@dvrp.org

Sino Kami

Ang *Asian/Pacific Islander Domestic Violence Resource Project (DVRP)* ay naghahain sa mga nakaligtas ng karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay sa nakalipas na 20 taon. Ang aming misyon ay upang matugunan, mapigilan, at matapos ang karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalalay sa *Asian/Pacific Islander (A/PI)* na komunidad, habang magbibigay lakas sa mga nakaligtas sa mga karahasan upang muling maitayo ang kanilang buhay matapos maabuso. Kami ay ang tanging organisasyon na pan-Asian na nagbibigay ng tiyak na kultura at wika sa mga biktima ng karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay ng serbisyo sa lugar ng *metro DC*. Ang aming mga kawani, mga tagapagtaguyod, at mga nagboluntaryo ay may sama-samang higit sa 20 *Asian/Pacific Islander* na nakapagsasalita ng iba't-ibang wika, kabilang ang *Instik, Vietnamese, Tagalog, Urdu, at Hindi*.

Kami ay naka-sentro sa mga Nakaraos sa Karahasan. Kami ay pinapatakbo ng mga Nakaligtas sa Karahasan.

Ano ang ibig sabihin ng naka-sentro sa nakaraos sa karahasan? Kami ay nakikipagkita sa mga nakaligtas kung nasaan sila, hindi kung saan namin gustong makipagkita. Ang aming trabaho ay itinatag sa mga karanasan ng mga nakaraos sa karahasan, mga pangangailangan at mga prayoridad. Ang *DVRP* ay pinapangunahan din ng mga taong nakaraos ng karahasan: kami ay may mga kawaning na nakaraos ng karahasan, sa aming lupon ng mga tagapangasiwa, at sa mga tagapagtaguyod at mga boluntaryo.

Ang **Survivor Services Program (SSP)** ng *DVRP* ay nagbibigay ng direktang serbisyo sa mga *A/PI* na mga nakaraos ng karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay. Ang aming *full-time* na kaukulang tagapamahala, ay suportado ng mga bilingguwal na tagapagtaguyod, na nagbibigay serbisyo sa mga kababaihan at kalalakihan, anuman ang lahi, relihiyon, oryentasyong sekswal, at iba pa. Ang mga serbisyo ng *SSP* ay may kasamang planong pangkaligtasan, impormasyon at mga nasasangguning kanlungan, legal at mga serbisyong panlipunan (tulad ng mga serbisyo ng pagkain, damit, kalusugan ng isip at pag-abuso ng mga materyal).

Ang **Outreach Program** ay gumagana sa komunidad upang taasan ang kamalayan ng karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga matibay na relasyon, nagbibigay diin sa kahalagahan ng pagsang-ayon, at pamamahagi ng malawak na materyales sa kahit saan at sa lahat ng dako para malalaman ng mga tao ang tungkol sa aming binibigay na mga serbisyo.

Ang aming **Training and Technical Assistance Program** ay malapit na gumaganap kasama ang nangungunang nagbibigay serbisyo at mga namumuno sa komunidad upang palakasin ang kanilang kakayahang maglingkod sa mga *A/PI* na nakaraos ng karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay. Ang *DVRP* ay nagtuturo sa mga pangunahing nagbibigay serbisyo ng mga pinakamahusay na kasanayan sa pagtugon sa mga *A/PI* na nakaraos sa karahasan at sekswal na panghahalay, kakayahan sa kultura, mga panala ng *DV*, at iba pang mga pagsasanay na tiyak na sensitibong mga paksa sa *A/PI* na komunidad.

Layunin ng Toolkit para sa Kaalaman ng Komunidad

Sa taong 2014 ang DVRP A/PI Community Outreach Assessment ay tinutukoy na ang komunidad ng DC A/PI (kabilang ang mga namumuno sa komunidad at sa mga nagbibigay serbisyo) ay nais na maging mas aktibo tungkol sa kamalayan sa karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay sa komunidad. Gayunpaman, karamihan sa mga mahalagang kalahok ay nagpapahiwatig na sila ay may kaunti lang na pag-uunawa sa pangunahing mga isyu. Bukod pa dito, hindi nila kayang patuloy na pagkilala sa palatandaan ng pang-aabuso. Dahil sa Community Outreach Assessment itong *toolkit* ay nilikha upang matupad ang mga sumusunod na mga layunin:

- Palakasin ang kakayahan ng mga organisasyon ng A/PI at mga lider sa komunidad upang epektibong makilala ang mga palatandaan ng karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay; at
- Pagaanin ang pakipagtulungan ng komunidad bilang tugon sa karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay sa pamamagitan ng pagtaguyod ng isang proseso para isangguni sa DVRP.

Kamakailan lamang, ang laganap na pangyayari ng karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay ay tumatanggap ng mas maraming pambansang publisidad kaysa dati; at dahil doon nabuo ang mas maraming komunidad na nagpamulat ng mga tugon sa karahasan. Subalit mayroon pa ring mga makabuluhang grupo na galing sa ating iba't-ibang at lumalaking komunidad ng A/PI kung saan ang karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay ay nanatiling lumalaganap. Ang mga nakaraos sa karahasan ay patuloy sa kanilang katahimikan, habang ang mga nagmamalabis ay nagpapatuloy sa kanilang marahas na pag-uugali. Marami sa atin ang naniniwala na ang mga isyung ito ay walang kinalaman sa atin dahil wala tayong kilala na sino man na nakaranas ng ganitong isyu. O kahit mayroon man, hindi natin lugar upang mamagitan sa isang pribadong bagay. Sa katunayan nga ang karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay ay nakakaapekto sa bawat isa sa atin. Lalaki o babae. Matanda o bata. Bakla/tomboy o hindi bakla/tomboy. Lahat tayo ay may kilala na nakaraos sa karahasan at may kasalanan sa pang-aabuso.

Upang magawa ang unang hakbang sa pagbabago, kailangan natin harapin ang mga pinagbabatayan na dinamika na nagpapanatili ng karahasan sa ating komunidad. Ilan sa mga pinaka pangkaraniwang mga sanhing kabilang:

- **Palihim.** Ayon sa kaugalian, maraming mga A/PI miyembro ng komunidad ay naniniwala na ang usapin ng pamilya ay hindi dapat na tinatalakay sa publiko. Ang paniniwala na ang palihim ay dapat na panatilihing, walang alintana sa kalubhaan ng kung ano mang nangyayari sa loob ng tahanan, ay nagbibigay daan upang ang pag-abuso sa pamilya ay maipagpatuloy ng walang panghihimasok o suporta sa mga nasa labas ng pamilya.
- **Pagbabawal.** Ang pakiramdam ng ilang mga miyembro ng A/PI komunidad ay hindi angkop na pag-usapan ang pag-uugaling sekswal. Dahil dito, ang mga paksa na may kaugnayan sa tema na sekswal ay ipinagbabawal. Kapag pinagsama-sama ang pagtanggap matugunan ang pagtatalik, pinapayagan natin ang marahas na pag-uugali na sekswal upang umunlad sa kahungkagan ng katahimikan.
- **Kahihyan.** Karangalan ng pamilya ay karaniwang lubos na pinahahalagahan sa komunidad ng A/PI. Karamihan sa atin upang lubos na mapanatili ang karangalan ay umiiwas sa anumang bagay na maaaring ikakahiya ng pamilya. Sa kasamaang palad, kapag inuuna natin ang karangalan ng pamilya kaysa kabutihan at kaligtasan ng isang nakaraos sa karahasan,

pinapatahimik natin ang mga nakaligtas at pinapanatili ang potensyal sa sitwasyong nakakamatay.

- **Paratang sa Biktima.** Karamihan sa mga etnikong kultura ng A/PI, ang mga namumuno sa pamilya, at mga miyembro ng komunidad ay madalas na sinisisi ang mga nakaraos sa karahasan sa kung ano man ang nangyari sa kanila. Tinatanong nating ang mga nakaligtas kung ano ang kanilang suot, kung ano ang kanilang ginawa o kung ano ang kanilang sinabi na nagging dahilan sa pag-abuso. Kapag tayo ay nakatutuk lamang sa mga nakaraos sa karahasan, pinapalaya natin ang nag-aabuso mula sa anumang dapat niyang pananagutan sa kanyang ginawa.

Habang dumadami sa atin ang may nakakaalam tungkol sa likod ng karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay, ay dahan-dahan din natin mababago ang ugaling pagsawalang kibo. Maaari nating hamunin ang mga ideya at mga kasanayan na pahintulutan ang karahasan sa tahanan at sekswal na paghahalay. Maaari tayong lumikha ng isang mundo na magtaguyod para sa mga nakaraos sa karahasan para hindi na nila maramdaman ang kahihyan at pag-iisa. Maaari tayong lumikha ng isang daigdig na walang karahasan at sekswal na pang-aabuso.

Pagkilala ng mga Palatandaan ng Karahasan sa Tahanan

Ang kahulugan ng DVRP sa karahasan sa tahanan ay isang ehemplar ng mga mapang-abusong pag-uugali na ginagamit upang makakuha ng **kapangyarihan at kontrol** sa isang tipanang katambal, asawa o kamag-anak. Ito ay hindi lang i-ilang insidente at maaari din kabilang ditto ang isang salita, emosyonal, sikolohikal, sekswal, pang-ekonomiya, espirituwal, o pormang pisikal ng pang-aabuso. Bilang isang namumuno sa komunidad, ito ay napakahalaga upang makilala ang mga palatandaan ng karahasan sa tahanan at mag-aalok ng tulong kapag ito ay ligtas at naaangkop.

Sa komunidad ng A/PI, ang karaniwang paniniwala pagdating sa karahasan sa tahanan ay pisikal na pang-aabuso. Pasa, galos at pagkabali ay maaaring maging malinaw na palatandaan ng mga pang-aabuso, ngunit hindi lahat na nagmamalabis ay gumagamit ng pisikal na pang-aabuso o kung pisikal na pang-aabuso lamang. Ilang mga halimbawa ng kung paano ang isang tao ay maaaring ipatupad ang kapangyarihan at kontrol sa isa:

- **Pangkabuhayan:** pagkontrol/ paghawak sa mga pananalapi; hindi pinahihintulot sa kabiyak na magkaroon o manatili sa trabaho.
- **Emosyonal / Sikolohikal:** Pang-iinsulto; pag bigay sala; pagpapahiya, hindi makatwirang pagseselos, pagbabantang lalayas o magpapakamatay, inihiwalay ang kabiyak mula sa mga kaibigan at pamilya.
- **Sekswal:** pagpilit sa kabiyak na manood ng pornograpiya; pagpilit sa kabiyak na gumawa ng mga aktong sekswal.
- **Espirituwal:** ang hindi pagpapahintulot o pagpilit sa isang tao na dumalo sa isang lugar ng pagsamba; ang paggamit ng teksto sa relihiyon para makaramdam sila ay nagkasala; pagkakatat ng mga bulungbulungan tungkol sa isang tao sa lugar ng pagsamba.

Gusto naming kilalanin ang bawat sitwasyon ng karahasan sa tahanan na natatanging katulad ng mga indibidwal na kasama nito. Ang mga nang-aabuso ay maaaring maging malikhain ng mga taktikang

pang manipula na maaaring hindi nabanggit sa itaas. Gayunman, maaari naming malaman kung paano tumugon sa isang nakaraos sa karahasan. Kahit bilang isang miron, nagbibigay serbisyo, o namumuno ng komunidad, maaari kaming makatulong na matukoy ang kaligtasan at kinabukasan ng isang nakaraos sa karahasan at iba pang apektadong miyembro ng pamilya, kabilang ang mga bata.

Pakikipagtulungan ng Miron

Ang mga miron ay mga taong makakakita o makakarinig ng isang potensyal na mapanganib na sitwasyon, ngunit maaaring hindi maging sigurado sa kung ano ang gagawin, takot pumagitan o naghihintay ng isang tao na unang kikilos. Tayong lahat ay mga miron....IKAW ay isang miron! Maaari kang tumulong itigil ang karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay maging ikaw ay isang namumuno ng komunidad, isang kasamahan sa trabaho, isang tagapagbigay alaga o isang ganap na estranghero. Kaya mo:

- Higit na matutunan ang tungkol sa karahasan sa tahanan at sekswal na panghahalay kung ano ang tingin sa ating mga komunidad (i.s. ang mga palatandaan);
- Makinig at sumupurta sa kahit sinumang nakaligtas sa karahasan na nagbabahagi ng kanyang kwento sa atin na walang paghahatol o kahihiyan;
- Magsalita nang malakas at palabas upang mapanagot ang mga mapang-abusong mga miyembro ng ating komunidad;
- Gamitin ang tatlong D (galing sa *Green Dot Initiative*):
 - Direct: harapin ang sitwasyon nang direkta, ngunit ang kaligtasan ay dapat unahin.
 - Distract: gumawa ng isang kaguluhan para makaabala o para mabago ang sitwasyon.
 - Delegate: idawit ang iba na maaaring maging mapabuti ang sitwasyon upang maiwasan ang karahasan na maganap.
- Tumawag ng pulis kapag ang isang tao ay nasa nalalapit na panganib; at
- Ipalaganap ang kamalayan sa ating mga kapwa, mga kaibigan at pamilya.

Gabay na mga Prinsipyong Kapag Nakikipagtrabaho sa mga Nakaraos sa Karahasan

- Huwag pangunahan kung ano ang mga nais, mga pangangailangan, o ang mga dapat gawin ng isang nakaraos sa karahasan.
- Magkaroon ng kamalayan ng iyong mga bagahi, mga kahalagahan, at mga prayoridad at huwag ipilit ang mga ito sa mga nakaraos sa karahasan.
- Intindihin na ang pagsasalita ng parehong wika o pagiging mula sa parehong komunidad ay hindi basta makapagbigay sa isang tao ng angkop na kakayahan na magsalita tungkol sa karahasan ng tahanan o sekswal na panghahalay.
- Suriin bago magpalagay na ang napagkukunan ay hindi umiiral (i.s. mga serbisyong pagpapayo para sa mga nakaraos sa karahasan sa komunidad ng mga *Vietnamese*)
- Humiling ng mga katanungan na magpapaliwanag.
- Tandaan na ang nakaraos sa karahasan ay dalubhasa sa kanyang sariling karanasan na magiging gabay.
- Alalahanin ang iyong propesyonal na papel bilang pinuno ng komunidad.

Sumangguni ng mga kliyente sa DVRP

Tandaan: Ang karahasan sa tahanan ay isang labag sa batas. Ang komunidad ng Asian/Pacific Islander ay humaharap kakaibang natatanging hamon, ngunit panatilihin sa isip na walang nararapat na abusuhin. Kahit na ang nakaraos sa karahasan ay hindi dokumentado, siya ay maaaring makakuha ng tulong. Tumawag sa DVRP para makipag-usap sa isang tagapamahala ng kaso tungkol sa serbisyo na maaaring makuha sa iyong lugar.

